


**Abstract**

These poems show the current situation of an ordinary Filipino amid the rising prices of fuel and commodities. It shows a picture of how we are coping with the situation.

**Keywords**

nagmamahal (one who loves), kalawang (rust), dyip (jeep), manibela (steering wheel), drayber (driver)

**English title**

To the One Who Loves

# SA NAGMAMAHAL

FRANCISCO ARIAS MONTESEÑA

# DYIP

Ibinebenta na ni Mang Gusting
ang matagal niyang pinag-ipunang dyip
nang magtrabaho sa Saudi. Matagal din
silang nagkasama ng sasakyan
na mas matagal pa niyang katabi
kaysa sa asawa. Ngunit ngayong kumakabog
ang kaniyang dibdib sa bawat pag-andar,
bumabangon ang pangamba at tinititigan
ang takot na baka katulad ng nagdaang
mga araw ay uuwing gulapay sa kitang kulang
na kulang. Laging patay ang hangin sa biyahe.
At sa pakiramdam na laging may lamay
sa taas ng gasolinang hindi maaaring hindi bilhin.

"Sino naman ang bibili diyan sa dyip mo
eh puro na kalawang?" tanong ng asawa.

May namuong luha sa mata ni Mang Gusting
habang sinusukat ang dyip kung ilang kilo
ang maaaring bigat sa timbangan.

# LAGING NAGMAMAHAL

Kung paano lalampas sa mapanakit
na panahong nagmamahal tayo
nang walang sukli sa akala natin ay labis,
ay laging palaisipan at hamon sa pag-iral.
Ngunit hindi nagiging sapat sa pagod
ang pagsisikap kahit baliktarin
ang mga araw at gapangin natin
ang lahat na maaaring pagkakitaan.
Dahil nasa panahon tayong hinihigit
nang malalim ang hiningang tila galing
sa pinakamalalim nating bulsa.
Hindi sapat ang tugon na pangako
ng alwan sa bistay na tibok at sasal
sa pasimula pa lamang na mga umaga
ay pinangangapusan na tayo ng pantubos
sa binabatang dagok ng panahon.
Lumalabas na ang mga ugat natin sa leeg
sabihin mang dakila tayong mangingibig
ay hindi maisalba ng pagmamahal lamang
ang taas ng halaga ng lahat sa paligid.
Nagmamahal. Kung kayang abutin
ng karaniwang tulad natin ang pagtaas
ng lahat, may presyong hindi sana iindahin
sa alwan ng bulsa. Ngunit tayo'y laging alipin
ng hirap sa bunton ng hindi matakasang
lagay ng buhay. Kailan sasapat ang pagmamahal
kung sobrang mahal ang mabuhay?

# MANIBELA

Naisip nila, na baka nagtatampo din ang kalsada
kahit iisang tahak lamang ang araw-araw na iniikutan.
Sila, ang may hawak ng mga manibelang lunod
ngayon at kailangang sagipin. Ngunit kay hirap
lumangoy kung dagat man ang kalsada lalo
at walang katig na maninimbang sa arangkada.

"Iilan ang sumasakay at kayhirap maningil
sa alam mong biktima din ng panahon."

Kung maaari lamang ipambayad ang tula.
Kung kaya lamang ng tulang magpababa ng bigat.

Marahil patuloy na iikot
ang mga manibela
na sanay sa kamay
ng masipag na drayber
ng buhay.
—-